

# MAGTATANIM O HINDI MAGTATANIM

Tagalog Version

## NAGING HIGIT NA POPULAR ANG PAGTATANIM NG BAKAWAN



*Ngunit madalas na nabibigo ang mga ito.*

*Alam niyo ba kung bakit?*

*Dahil nabubuhay at yumayabong lamang ang mga bakawan sa tamang kondisyon para sila ay tumubo sa natural na proseso.*

*Ang tawag dito ay **Ecological Mangrove Restoration o ekolohikal na pagpapanumbalik ng bakawan.**\**

*Kadalasan, hindi na kailangan ng pagtatanim. Sa iba namang pagkakataon, mahalaga pa rin ang pagtatanim. Susi rito ang sapat na kaalaman kung kailan kailangan at hindi na kailangang magtanim.*

## MAY TAMANG PARAAN SA PAGPAPANUMBALIK NG MGA KAGUBATANG BAKAWAN!

### LAGING TANDAAN:

ANG MATAGUMPAY NA PAGPAPANUMBALIK NG MGA BAKAWAN AY MAKATUTULONG SA PAGTATATAG NG MAS MALAKI, MAGKAKAIBA, KAPAKI-PAKINABANG AT SUSTENIDONG MGA KAGUBATAN NG BAKAWAN NA NAKAKAPAGBIBIGAY NG KAPAKINABANGAN SA KALIKASAN AT SANGKATAUHAN.

Sa ilang lugar na nagsisilbing ruta ng mga naglalakbay na ibon, ang putikan at iba pang kaugnay na tirahan ay nagsisilbing pahinga, kanlungan, at pinagpapakakainan para sa naglalakbay na tubig-ibon tulad ng mga gansa, bibe, ibon sa pampang at mga ibong dagat. Ilan sa mga lugar na sumusuporta sa mahigit sampung libo hanggang milyong mga ibon ay ang Yellow Sea wetlands (South Korea), Mekong Delta (Vietnam), at Manila Bay (Philippines). Kabilang ang mga lugar na ito sa mga itinalagang bilang lugar na pinoprotektahan, Ramsar na lugar, at World Heritage na lugar. Kapag binago ang anyo ng mga mahahalagang tirahan na ito sa pamamagitan ng pagtatanim ng bakawan, maaaring masira ang mga tirahan ng mga ibon at nagiging sanhi ng kanilang tuluyang pagkaunti o kaya naman pagkawala.



### PAANO TAYO MAKAKA-TULONG?

- Yakapin ang **Ekolohikal na Pagpapanumbalik ng Bakawan**. Pag-isipang mabuti kung kailangan bang magtanim.
- Makipag-ugnayan sa mga eksperto at komunidad, at ipag-ugnay ang mga kaalamang lokal at siyentipiko.
- Imonitor at tasahin ang tagumpay ng ating layunin. Maagang alamin ang mga problema at gawin ang mga kinakailangang interbensyon para sa muling paglaganap ng kagubatang bakawan.
- Ibahagi sa mundo ang ating kaalaman at mga aral na natutunan sa ating karanasan.

**PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, MAAARING MAKIPAG-UGNAYAN KAY:**  
Dr. Annadel S. Cabanban  
Country Manager  
Wetlands International Philippines  
Units 911 & 912 DMG Center, D.M. Guevara,  
Mandaluyong City, 1550, Philippines  
Email: Annadel.Cabanban@wetlands.org  
Mobile No.: +63917-628-2691



Binuo ng: Wetlands International Philippines (2023)

Layout at Diseno ni: Sheen Rose C. Cabacaba

Sinuri ni: Danica M. Uy

Konsultant: Dr. Annadel S. Cabanban

Isinalin ni: John Lester Q. Alos

\*Reperensya: "To Plant or Not to Plant" - <http://wetlands.org>



# Kailan dapat magtanim?



## KAPAG LIMITADO ANG NATURAL NA SUPLAY NG MGA BUTO AT BINHI

Dulot ito ng kakulangan sa malapit na "magulang na puno" o kaya naman koneksyong tubig na nagdadala ng mga buto at binhi sa iba't ibang lugar, tulad ng mga baybaying malawakan ang pagkasira ng bakawan.

## PARA SA MGA LAYUNING EDUKASYON AT KULTURAL

Bilang simbolo ng buhay, maaaring makabuo ang pagtatanim ng puno ng pangmatagalang kasunduan at pagmamay-ari mula sa mga taong naging bahagi ng pagtatanim nito.



## UPANG MULING MAIPAKILALA ANG ISPESIPIKONG MAHAHALAGANG URI NG BAKAWAN NA NAWALA MULA SA LUGAR

Ang tawag dito ay 'enrichment planting.'



## UPANG MAPIGILAN ANG PAGGUHO NG LUPA

Ang pagtatanim ng bakawan ay maaaring makapaghain ng mga panandaliang lunas sa mga daanan at kahon ng mga pala-isdaan laban sa erosyon.

## UPANG PAGTIBAYIN ANG MGA DIKE AT KAHON NG PALA-ISDAAN, MAGBIGAY LILIM, AT IBA PANG BENEPISYO

Ang mga tinatanim na bakawan sa gilid ng mga pala-isdaan ay hindi maituturing na tunay na kagubatan ng bakawan, ngunit makakapagbigay ito ng iba't ibang benepisyo tulad ng pagpapatibay ng dike, mga kahon ng pala-isdaan, at sustenidong pagkukunan ng kahoy at kumpay para sa kabuhayan ng nalalapit na komunidad.



# Kailan hindi dapat magtanim?

## KAPAG HINDI AKMA ANG SOSYO-EKONOMIK NA KONDISYON SA PAGTATANIM

Madalas na hindi sinusuportahan ang pangangalaga o pagtatanim ng bakawan kung hindi kasangkot ang komunidad o kaya naman kapag wala silang alternatibong kabuhayan.



## KAPAG HINAHARANGAN NG BAKAWAN ANG DALOY NG LATAK AT DAANAN NG TUBIG

Nakasasagabal ito sa mas mabilisan at malawakang pagpapanumbalik ng bakawan.

## KAPAG HINDI NAGBAGO ANG ORIHINAL NA SANHI NG PAGKAWALA NG BAKAWAN

Halimbawa, kapag binago ang daloy ng tubig



## IISANG URI LAMANG NG HALAMAN ANG TINATANIM

Ang pagtatanim ng iisang uring halaman ay humahantong sa bakawan na limitado lamang ang pakinabang at mababang katatagan.



## MALING URI NG HALAMAN SA MGA MALING LUGAR

Halimbawa, ang pagtatanim sa mga lugar na masyadong matagal na nakalublob sa tubig, o pagtatanim sa masyadong mataas na mga lugar na hindi na inaabot ng tubig kapag taib. Kapag masyadong maalon, may erosyon o kulang sa kapit ang lupa, o kaya naman mababa ang kalidad ng tubig sa lugar, madalas ay namamatay o naanod lamang ang halaman.



## KAPAG WALANG BAKAWAN NA NATURAL NA NANANAHAN SA LUGAR, TULAD NG MGA PUTIKAN SA BAYBAYIN, MADAMONG BAHAGI NG DAGAT, O MABUHANGING BAYBAYIN

Nagiging sanhi lang ito ng pagkasira ng mga natural na nagpapalago ng mga bakawan. Dahil dito, nagagambala o napapabagal ang natural na pagpapanumbalik.